# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 42 BILANG 5 | BASAHIN AT TALAKAYIN | MAYO 2022


EDITORYAL

## Makakamit ng bayan ang tunay na demokrasya sa pamamagitan ng rebolusyon, hindi eleksyon

Tapat sa pamana ng kanyang angkan, ninakaw ng kampo ni Bongbong Marcos Jr. (BBM) ang boto ng mamamayan sa nagdaang eleksyong 2022 upang iluklok ang sarili sa Malakanyang at katambal na si Sara Duterte-Carpio bilang bise-presidente. Sinalaula ng mga Marcos at Duterte ang kapasyahan ng mamamayang naghahangad ng isang bagong administrasyong papalit sa kasalukuyang pasista, taksil, korap, inutil at mamamatay-taong rehimeng Duterte.

Itinuturing na pinakamaruming eleksyong naganap sa buong kasaysayan ng Pilipinas ang nagdaang halalan noong Mayo 9 na nagsindi ng galit at disgusto ng mamamayan. Mula pa lamang gabi ng Mayo 9, inulan na ng mga protesta ang Commission on Elections (Comelec) sa inilabas na resulta ng halalan kung saan pinalalabas na "*landslide victory*" ang nakamit ng tambalang BBM-Duterte. Kaduda-duda ang 31 milyong botong nakuha ni BBM na lubhang malaking lamang sa pangunahing katunggali nito sa pagkapresidente na si Leni Robredo na nakuha ng 15 milyong boto, kalahati lamang ng boto ni Marcos.

Nagsanib pwersa ang pinakamasasahol na pamilya sa pulitika na mga Marcos, Arroyo at Duterte (MAD) para pormal na iluklok si BBM sa kapangyarihan bilang pangulo sa pamamagitan ng isang "*landslide victory*". Ginastos nila ang ninakaw-na-yaman ng mga Marcos at pondong kinurakot ng rehimeng Duterte para sa eleksyong ito na magbibigay diumano ng basbas kay BBM at mandato ng mamamayang Pilipino. Naging malaganap ang tradisyunal na pandaraya tulad ng malawakang bilihan ng boto, panunuhol sa Comelec ng mga kandidato sa iba't ibang antas at *red-baiting* at *terrorist-tagging* ng reaksyunaryong estado laban sa mga progresibo, makabayan at kandidato ng burges na oposisyon.



KALATAS

Mayo 2022
TOMO 42 BILANG 5

NILALAMAN

1 Makakamit ng bayan ang tunay na demokrasya sa pamamagitan ng rebolusyon, hindi eleksyon

3 Mamamayan ng TK, masiglang nakiisa para sa tunay na pagbabago sa eleksyong 2022

4 Eleksyong 2022, dominado ng mga dinastiya sa TK

6 Tugon ni PdG: Ano ang tungkulin ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa sa pagharap sa rehimeng Marcos II?

8 Pagkilos ng mamamayan ng TK kontra pandaraya sa eleksyon 2022, inilunsad

9 #NeverAgain: Paglakas ng kilusang paggawa sa harap ng diktadurang Marcos

11 Pagpapanagot sa kumpanyang mina na Marcopper, tagumpay

11 Paglaban sa mga gawa-gawang kaso kay Nanay Nimfa at mga biktima ng iligal na pang-aaresto

12 Komiks: Rebolusyon, hindi eleksyon

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

Kinasangkapan maging ang AFP-PNP sa aktibong pangangampanya para kina BBM-Sara at pang-aaresto't panggigipit sa mga boluntir ng kalaban sa pulitika ng rehimen.

Matagal na kinundisyon ng MAD ang mamamayan na tanggapin si BBM bilang presidente gamit ang mga bayarang sarbey, pekeng balita, *social media* at kampanyang disimpormasyon. Kumilos din ang pangkating Duterte para tiyakin ang panalo ng kanilang paksyon habang nasa pwesto pa ito. Pinuno niya ng kanyang mga tapat na alipures ang Comelec at ipinaubaya sa mga kumpanyang Smartmatic TIM at F2 Logistics ang pangangasiwa sa awtomasyon at lohistika ng eleksyon. Si Dennis Uy na kroni ni Duterte ang mayor na *shareholder* ng mga nasabing kumpanya.

Hindi magawang pagkatiwalaan ng mamamayan ang resulta ng halalan sa kaliwa't kanang anomalyang nasaksihan nila sa araw mismo ng botohan at ang transmisyon ng mga resulta ng pagbibilang ng mga boto. Aabot sa 2,000 *vote counting machines* (VCM) ang hindi gumana, higit sa doble ng nagdaang eleksyon 2019 (961). Maraming botante ang nabahala sa posibilidad na mapakialaman o mabago ang kanilang boto dahil napilitan silang iwan ang kanilang mga balota at ipaubaya sa mga kagawad ng *election board* sa mga presinto ang pagpapasok nito sa makina. Samantala, 176 *SD cards* ang nasira habang 81 ang pinalitan sa buong araw ng halalan. Marami ring ulat sa ginagawang intimidasyon ng mga pulis at militar sa mga botante, *poll watcher*, at maging sa mga gurong nagsilbi sa eleksyon.

Ang eleksyong 2022 ay larawan ng pinabilis at pinakinis na manipulasyon at pandaraya gamit ang *automated* na sistema. Dahil sentralisado sa COMELEC ang *signing key* para sa *authentication* ng mga botong pumapasok sa *server*, anumang numero ang ipasok nila rito ay kikilalaning "*authenticated*" kahit iba ang tunay na bilang ng boto sa mga presinto. Ang naghaharing paksyong kumokontrol sa Comelec ang nagtatakda ng resulta ng botohan sa pamamagitan ng iba't ibang maniobra at operasyong gumagamit ng *pre-shaded* na mga balota, dagdag-bawas (*vote padding and vote shaving*) at mga nakaprogramang VCM at *SD card*. Sa ganito nailingid sa taumbayan ang proseso ng pagbibilang ng boto at pinagkaitan sila ng pagkatataong iberipika ito. Minadali ng Comelec ang pagsasara sa pagbibilang kaya't sobrang bilis ng transmisyon ng mga boto upang maselyuhan na kaagad ang panalo ni Marcos II at Duterte-Carpio.

Likas sa reaksyunaryong eleksyon sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na lipunan ang pag-iral ng maruruming taktika at maniobrahan upang mapanatili ng naghaharing paksyon ang kanilang paghawak sa estado-poder. Tampok sa pinakamalalala at garapalang pandaraya na naganap sa kasaysayan ng halalan sa bansa ang ginawang maniobra at pandaraya sa resulta ng *snap elections* noong 1986 sa pagitan ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr. at Cory Aquino; sa eleksyong 2004 sa pagitan nina Fernando Poe Jr. at Gloria Macapagal-Arroyo; at sa *senatorial elections* noong 2019 na ginamit ni Duterte para kontrolin ang Senado at Kamara. Pangita sa mga ito kung paano sinagkaan at binaboy ng naghaharing uri at imperyalismo ang tunay na kapasyahan ng taumbayan, sa manwal man o *automated* na eleksyon. Kasuklam-suklam ang resulta ng mga nagdaang reaksyunaryong eleksyong nagpwesto sa kapangyarihan sa mga sagadsaring pasista, korap, pahirap at papet kahit tinutuligsa sila ng taumbayan.

Masahol pa, ginagamit ng mga naghaharing uri ang reaksyunaryo at burges na eleksyon bilang tuntungan para ipamarali na may umiiral na "demokrasya" sa bansa at papaniwalain ang mamamayan na tunay na halal ng bayan ang mga idineklarang nagwagi sa halalan at kung gayon ay payukurin ang sambayanan sa panibagong mang-aaping reaksyunaryong rehimen. Nagkokoro ang mga bulaang propeta mula sa mga tagapagsalita ng gubyerno, mga bayarang taong midya at pati sa *social media* sa pagpoposturang "may integridad" ang naganap na reaksyunaryong halalan. Maging ang ilang mga akademiko at kilalang personahe sa lipunan ay nabubulag sa makitid na pagtingin sa elektoral na proseso at maling naggigiit na buhay ang burgis na demokrasya sa bansa. Sa kasalukuyang rehimen, pinakilos ng MAD ang hukbong *troll* nito para lumikha ng pekeng opinyong publikong pabor sa eleksyon.

Tunay na walang aasahan ang sambayanang Pilipino sa bulok at reaksyunaryong eleksyon sa ilalim ng malapyudal at malakolonyal na sistema ng lipunang Pilipino. Itinuturo ng kasaysayan na tanging sa pambansa-demokratikong rebolusyon lamang makakamit ang tunay na kalayaan at demokrasyang minimithi ng sambayanan. Ito ay demokrasyang nakabatay sa hustisyang panlipunan at demokrasyang naglilingkod sa interes ng nakararami at hindi ng iilan. Demokrasyang umiiral at pinayayaman sa bisa ng Demokratikong Gubyernong Bayan (DGB) kung saan direktang lumalahok ang masang anakpawis hindi lamang sa eleksyon kundi hanggang sa pamamahala. Itinatayo ang DGB sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan. Habang inilulunsad ang digmang bayan ay hakbang-hakbang nang itinatayo ang DGB sa iba't ibang antas sa buong bansa.

Sa pag-upo ng mandurugas na rehimeng Marcos II-Duterte, tiyak na lalong iigting ang mga kontradiksyon sa lipunan na papabor sa ibayong pagsusulong ng rebolusyon. Gayunman, dapat pa ring ipagpatuloy ang paglalantad sa malawakang dayaan at manipulasyon sa resulta ng eleksyon upang higit na mapagtibay na walang karapatang makabalik ang isang Marcos sa poder. Ibayong labanan ang pambabaluktot sa kasaysayan ng mga Marcos at Duterte at ipagtanggol ang mga tagumpay ng mamamayan sa anti-diktadurang pakikibaka. Patuloy na singilin ang mga Marcos sa kanilang mga krimen sa bayan. Lalong papag-alabin ang mga pakikibaka para sa lupa, sahod, trabaho, karapatan, serbisyong sosyal at hustisyang panlipunan bilang ubod ng kilusang masa laban sa paparating na rehimeng US-Marcos II.

Pukawin, organisahin at pakilusin ang pinakamalapad na hanay ng mamamayan sa kalunsuran at kanayunan. Ibandila ang kawastuhan ng pambansa-demokratikong rebolusyon at himukin ang pinakamalaking bilang ng mamamayan na lumahok dito. Dapat palakasin ang armadong pakikibaka at pasampahin ang pinakamabubuting anak ng bayan sa Bagong Hukbong Bayan. Dapat magpunyagi ang lahat ng rebolusyonarong pwersa upang itulak ang dramatikong pagsulong ng rebolusyon.

Sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas, buong lakas na titindig at lalaban ang rebolusyonaryong kilusan at ang malawak na sambayanan upang itakwil ang rehimeng US-Marcos II. Biguin ang pasistang paghahari ng mga Marcos II at Duterte. Mangahas makibaka, mangahas magtagumpay! K

*BALITA*

# Mamamayan ng TK, masiglang nakiisa para sa tunay na pagbabago sa eleksyong 2022

Habang papalapit ang araw ng eleksyon, ipinakita ng mamamayan ng Timog Katagalugan (TK) ang masiglang pagsuporta sa mga progresibong kandidatong tumatakbo sa eleksyong 2022.

Mula sa pagpo-*post* at mga gimik sa mga *social media*, hanggang sa pakikiisa sa mga *campaign rally*, itinambol ng mamamayan ng TK ang kanilang pagsuporta at panawagan na iboto ang mga progresibong *partylist*, senador, bise-presidente at presidente sa darating na eleksyong 2022.

Aktibong nag-*post* sa *social media* ang iba't ibang grupo upang ipahayag ang kanilang suporta para sa mga progresibong kandidato. Nagse-*share* din sila ng mga *post* mula sa Facebook *pages* ng mga nasabing kandidato para magbigay ng kaalaman sa mga botante hinggil sa kanilang mga plataporma at programa at mahikayat ang mamamayan na iboto ang mga ito. Naglunsad din ang ilang grupo ng mga *online rally* upang magbigay ng pagkakataon sa maraming botante na ipahayag ang kanilang suporta at maging matalino sila sa pagboto.

Sa mga aktibidad na ito, ipinamalas ng mamamayan ng TK ang kanilang buong-pusong suporta para sa mga progresibong kandidato sa eleksyong 2022 na siyang tunay na magsusulong ng demokratikong karapatan at interes ng sambayanang Pilipino. K

# Eleksyong 2022, dominado ng mga dinastiya sa TK

Gaya ng inaasahan, nakopo ng mga dinastiya sa pulitika sa rehiyong TK ang mga posisyon sa lokal na gubyerno sa kakatapos lang na reaksyunaryong eleksyong 2022. Halos lahat ng mga ito ay sumuporta sa kandidatura ng UniTeam o tambalang Bongbong Marcos Jr.-Sara Duterte-Carpio.

Sa pambansang saklaw, umaabot na sa 29% ng mga lokal na pwesto ang nakuha ng mga dinastiyang pulitikal mula sa 19% noong 1988. Kumpara sa nagdaang sampung taon, nasa 80% na ng mga gobernador (dating 57%) ang mula sa mga pampulitikang angkan habang 67% na ng mga pwesto sa Kongreso (mula sa dating 48%) ang kontrolado ng mga ito.

"Dito sa TK, walang mapagpilian ang mga botante kundi mga dating pangalan at personahe. Hindi sila kayang tapatan ng mga bagong pulitiko sa usapin ng pondo sa kampanya, makinarya at impluwensya. Dahil nanalo sa pamamagitan ng sistemang padrino at pamumudmod ng salapi, tiyak na magsisilbi ang mga bagong halal sa kanilang pinagkakautangan ng kapangyarihan—ang magnanakaw na rehimeng Marcos II at pangkating Duterte," paliwanag ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST.

### MGA NAHALAL NA GUBERNADOR SA ELEKSYONG 2022

**CALABARZON**



**JONVIC REMULLA**
CAVITE



**RAMIL HERNANDEZ**
LAGUNA



**DODO MANDANAS**
BATANGAS



**NINA YNARES**
RIZAL



**HELEN TAN**
QUEZON

Itinuturing na ngayon ang mga Revilla bilang pinakamalaking dinastiyang pulitikal sa Cavite na nahalal sa anim na lokal na posisyon at dalawang pwesto sa Kongreso bunsod ng pagkapanalo ng Agimat partylist na kanilang hawak at 1-Pacman kung saan ikatlong nominee si Marlon Bautista na kapatid ni Senador Bong Revilla. Sinundan sila ng mga Tolentino na nakakuha ng limang posisyon sa balwarte nito sa Tagaytay City at ng mga Remulla na may tatlong kamag-anak sa pwesto. Hinirang pa ni Marcos si Jesus Crispin Remulla bilang kalihim ng Department of Justice. Samantala, hindi pa rin natitinag ang mga Barzaga sa Dasmariñas.

Hindi rin natibag ang kapit sa poder ng mga Ynares sa pagkapanalo ni Nina Ynares bilang gobernador ng Rizal. Nanalo ring alkalde ng Antipolo City si Andrea Ynares bilang kapalit ng asawa niyang nagsilbing dating alkalde ng siyudad. Nanalo rin sa Binangonan ang magkapatid na Cesar at Boyet Ynares sa pagka-alkalde at bise-alkalde ng munisipalidad.

Samantala, natanggal sa trono si Danilo Suarez sa pagkapanalo ni Doktora Helen Tan bilang bagong gobernador ng Quezon. Si Tan ang nakaupong kinatawan ng ikaapat na distrito ng probinsya. Humalili sa kanya ang anak na si Micah Keith Tan sa pagiging kongresista ng naturang distrito. Nauga ang kapangyarihan ng mga Suarez sa Quezon kung saan dalawang posisyon lamang ang naipanalo nila sa lokal na pwesto.

Nanalo naman ang mga nakaupong gobernador sa maraming probinsya sa TK. Tinalo ng kasalukyang gobernador na si Ramil Hernandez ang kalaban at Kakampink na si Sol Aragones sa Laguna habang nanalo ang kanyang asawa na si Ruth Mariano-Hernandez bilang kinatawan ng ikalawang distrito. Malaking kalamangan naman ang nagselyo sa pananatili ni Dodo Mandanas sa kanyang panunungkulan sa Batangas.

Nanatili rin sa pwesto ang gobernador ng Occidental Mindoro na si Ed Gadiano at Bonz Dolor sa Oriental Mindoro. Si Dolor ay kaanib ng PDP-LABAN habang si Gadiano ay nasa ilalim ng PDDS na partido ni Bong Go. Pareho itong sumusuporta sa tambalang Marcos II-Duterte.

Ganito rin ang resulta sa Romblon kung saan muling nahalal bilang gobernador si Jose "Otik" Riano, pambatò ng PDP-LABAN sa lokal. Sa katabing isla ng Marinduque, nanalo sa posisyon ng gobernador si Presbitero Velasco, ama ni kasalukuyang House Speaker Lord Allan Velasco. Ang matandang Velasco ay dating mahistrado ng Korte Suprema na hinirang ni Gloria Arroyo.

Nakuha naman ni Dennis Socrates, kasalukuyang bise-

gobernador, ang pagiging gobernador ng Palawan na hudyat ng pagbabalik ng kanilang angkan sa pwesto. Matatandaang nanilbihan si Salvador "Badong" Socrates, ama ni Dennis at dating miyembro ng gabinete ni Ferdinand Marcos Sr., bilang gobernador ng Palawan sa loob ng 20 taon. Si Socrates ang kandidatong inendorso ng kasalukuyang gobernador na si Jose Chavez Alvarez.

Lahat ng nanalo sa posisyong gobernador liban kay Tan ng Quezon ay kaalyado ng tambalang Marcos II-Duterte. Dinala ni Tan ang kandidatura ng tambalang Leni-Kiko.

**Suporta ng mamamayan sa oposisyon**

Kung nakuha ng Marcos II-Duterte ang suporta ng mga dinastiyang pulitikal sa rehiyon, hindi ito sinasalamin ng masiglang suportang ipinapahayag ng mga mamamayan sa mga *campaign sortie* ng tambalang Leni Robredo-Kiko Pangilinan ng oposisyon—isang malinaw na patunay na niluto at minanipula ng rehimeng Duterte ang resulta ng eleksyon.

Sa maraming bahagi ng bansa at pangunahing mga syudad, bumulwak ang masigla at papalaking popular na suporta sa tambalang Leni-Kiko ng oposisyon. Nilahukan ang mga *campaign sortie* ng Kakampink ng daan-daang libong mamamayan na inorganisa ng libu-libong mga boluntaryo: Tarlac City, 50,000; Cabanatuan City, Nueva Ecija, 50,000; Pampanga, 220,000; Malolos, Bulacan, 45,000; Dagupan City, Pangasinan, 76,000; Pasig City, 130,000; Pasay City, 412,000; Legazpi City, 100,000; Sorsogon, 40,000; Mandaue City, Cebu, 250,000; Iloilo City, 40,000; Bacolod City, 86,000; at Negros Occidental, 100,000. Pinakamalaki dito ang *miting de avance* sa Makati City na umabot ng kulang sa isang milyon.

Samantala sa Timog Katagalugan, sa kainitan ng kampanyahan noong Abril, ipinangako ni Jonvic Remulla ng Cavite ang boto ng probinsya para sa UniTeam. Sinagot ito ng mga Caviteño ng malalaking *sortie* para sa tambalang Leni-Kiko. Sa unang rali, nagtipon ang higit 47,000 mamamayan habang aabot naman sa 150,000 ang huling *sortie* ng Kakampink sa Cavite.

Umabot din sa daang libo ang dumalo sa mga rali ng Leni-Kiko sa Laguna at Batangas. Bumibilang ng halos 280,000 Batangueño ang lumahok sa rali sa bayan ng Bauan habang halos 200,000 ang mga Kakampink na pumunta sa *sortie* sa Sta. Rosa, Laguna.

Nagkaroon din ng malalaking aktibidad ang tambalang Leni-Kiko sa Rizal at Quezon.

Nagtayo ang mamamayan ng mga lokal na tsapter ng Robredo People's Council sa mga probinsya ng TK. Ni-*red-tag* at hinaras ng mga sundalo't pulis ang mga konseho. Isang *coordinator* ng kampanya ng Leni-Kiko sa probinsya ng Quezon ang iniulat na nawawala noong Abril at di pa nakikita hanggang sa kasalukuyan.

**Pagbuwag sa kapangyarihan ng mga dinastiyang pulitikal**

Itinuturing ang Pilipinas na may pinakamataas na pananatili ng mga dinastiyang pulitikal sa buong mundo. Sa kabila ng mga mandato para pigilan ang pagdami at paglakas ng mga ito, patuloy silang nakakapagpatatag sa kani-kanilang balwarte.

Sa nagdaang taon, pinatunayang hindi kinakatawan ng mga dinastiyang pulitikal ang interes ng mamamayan bagkus itinataguyod ng mga ito ang kanilang makitid na interes at pagkagahaman sa kapangyarihan. Maraming mga angkan na naglayong ipreserba ang kanilang pampulitikang estado sa kanilang mga balwarte

### MGA NAHALAL NA GUBERNADOR SA ELEKSYONG 2022

**MIMAROPA**



**ED GADIANO**
OCC. MIN.



**BONZ DOLOR**
OR. MIN.



**OTIK RIANO**
ROMBLON



**PRESBY VELASCO**
MARINDUQUE



**DENNIS SOCRATES**
PALAWAN

ang nakikutsaba sa alyansang MAD ang representasyon ng mga kawatan, pinaka-sagadsarin at awtoritaryang dinastiyang pulitikal sa bansa.

Dapat nang wakasan ang paghahari ng mga dinastiyang pulitikal sa bansa at ang sistemang panlipunan na kinakatawan nila. Nararapat na patuloy na isulong ng sambayanan ang pambansa-demokratikong pakikibaka upang ibagsak ang kasalukuyang bulok na estado. Tanging sa pagtatagumpay ng rebolusyon lamang maitatayo ang tunay na gubyerno ng mamamayan na magsisilbi sa kanilang interes. Nakatitiyak na magmumula sa kanilang hanay ang mga tunay na lingkod bayan para maihatid ang bansa sa kasaganaan at kaunlaran. K

TUGON
NI PATNUBAY DE GUIA

# Ano ang tungkulin ng mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa sa pagharap sa rehimeng Marcos II?

Hindi umaasa ang mayorya ng mamamayang Pilipino na maghahatid ng signipikanteng pagbabago sa kanilang buhay ang uupong rehimen ni Bongbong Marcos Jr. (BBM). Ano ang aasahan nila sa anak ng diktador, magnanakaw at bantog na niyuyurakan ang karapatang pantao ng mamamayan? Ano ang aasahan nila sa tagapagpatuloy ng paghahari ng angkang Marcos na walang kahihiyan ni pagsisisi sa kanilang kasalanan, bagkus ay pilit pang pinagtatakpan at nirerebisa ang kasaysayan para patuloy na takasan ang kanilang pananagutan sa bayan?

Ang pagkakaluklok ng tambalang Marcos II-Duterte na itinaguyod ng alyansang Marcos-Arroyo-Duterte (MAD) at ng buntot nitong angkan ng mga Estrada ay hudyat ng pagbabalik sa kapangyarihan ng pinakamasahol na mandarambong, korap, pasista at tiranong angkan na naghari sa kasaysayan ng Pilipinas. Isusubasta ng mga angkang ito ang pambansang patrimonya at isusuko ang pambansang soberanya sa imperyalismong US at China kapalit ng mga burukratikong kurakot at kikbak. Kaya ang lugmok na ekonomyang iiwan ni Duterte ay asahang lalo pang bubulusok sa pag-upo ng tambalang Marcos II-Duterte.

Tutugisin ang lahat ng kanilang kritiko, laluna ang hanay ng nakikibakang mamamayan sa pamamagitan ng JCP Kapanatagan, Anti-Terrorism Law at iba pang mapanupil na batas. Kasabay nito, patuloy na hahadlangan ang lahat ng pagsisikap sa lokal man o internasyunal para usigin at papanagutin si Rodrigo Duterte at mga kasapakat sa AFP-PNP sa lahat ng krimen nila sa bayan. Wala ring aasahang uusad na pagdinig sa DOJ laban sa gera kontra-droga ni Duterte laluna kapag nagsimula nang maupo si Crispin "Boying" Remulla na isa sa mga numero-unong *red-tagger* at tagapuri ng pasismo't terorismo ng estado.

Lalong pag-iibayuhin ng pamilya Marcos ang kampanya para sa paglilinis ng kanilang pangalan, pagtakas sa patung-patong na kaso at pananagutan, at sistematikong pagrebisa sa kasaysayan ng bansa. Ngayong hawak na nila ang pinakamataas na pusisyon sa estado, gagamitin nila ang lahat ng rekurso at daluyan nito para sa kanilang ambisyong ilibing sa limot ang naging rekord ng diktadurang Marcos at bihisan ng bagong mukha ang bulok nilang imahen.

Kung paano umakyat sa tore ng kapangyarihan si BBM, aasahang sa ganitong paraan din niya patatakbuhin ang kanyang gubyerno—puno ng kasinungalingan, disimpormasyon at panggangantso sa mamamayan. At tulad ng kanyang ama, sisikapin niyang magkapit-tuko sa estado-poder sa pamamagitan ng grabeng pangangayupapa sa imperyalismo, hindi na lamang sa US kundi maging sa China. Tiyak na walang ibang kapalit ito kundi ibayong panghihimasok at pagdambong sa likas na yaman at pambansang patrimonya ng Pilipinas.

Hindi pa man nauupo, inirehistro na ni BBM na ipagpapatuloy niya ang mga sinimulan ng matandang Duterte tulad ng Build, Build, Build, kontra-rebolusyonaryong kampanya sa pangunguna ng NTF-ELCAC at ang madugo at huwad na gera kontra-droga. Ito ay sa kabila ng malawakang pagbatikos ng mamamayan sa mga programang ito na naging gatasang baka ng mga alipures ng rehimen. Inilantad din ang mga brutal at pekeng gera kontra-droga at terorismo ni Duterte bilang instrumento ng estado sa pagyurak sa karapatang pantao at demokratiko ng mamamayan.

Dahil dito, dapat maging mapagbantay ang mamamayan at lumaban para isulong ang kanilang interes at kontrahin ang mga anti-mamamayang pakana ng rehimeng Marcos II. Una sa lahat, dapat patuloy na kwestyunin at hamunin ng taumbayan ang pagiging lehitimo ng pagkapanalo ng tambalang Marcos II-Duterte at kanilang mga kasapakat. Dapat imbestigahan at usigin ang Comelec sa lahat ng iregularidad sa naganap na halalan at ang kaduda-dudang paraan ng transmisyon ng mga boto matapos ang aktwal na eleksyon.

Dapat labanan ng bayan ang lahat ng anyo ng kasinungalingan,

> ***"Dapat patuloy na kwestyunin at hamunin ang pagiging lehitimo ng pagkapanalo ng tambalang Marcos II-Duterte... malawakang tuligsain at labanan ang lahat ng anti-mamamayang patakarang ipatutupad ng rehimeng Marcos II simula sa kanyang pag-upo sa poder."***

disimpormasyon at sistematikong pagrerebisa sa kasaysayan ng bansa. Dapat tapatan ng sistematikong kampanya sa edukasyon at propaganda ang malawakang kampanyang disimpormasyon ng mga Marcos sa *social media* at ipaalala sa mamamayan laluna sa kabataang Pilipino ang mga krimen at pang-aabuso sa kapangyarihan ng 14-taong diktadura ng matandang Marcos.

Dapat itaguyod, igiit at ipaglaban ang *media* at *press freedom* sa bansa. Hindi dapat hayaan ng mamamayan at lahat ng makabayang mamamahayag ang pagsikil ni Marcos sa *media* para pasunurin ito o patahimikin gaya ng ginawa ng yumao nitong amang diktador at ni Rodrigo Duterte.

Marapat na malawakang tuligsain at labanan ang lahat ng anti-mamamayang patakaran na ipatutupad ng rehimeng Marcos II simula sa kanyang pag-upo sa poder sa Hunyo 30. Igiit ang pagpapatigil sa walang patumanggang importasyon ng bigas, gulay at iba pang produktong pumapatay sa lokal na industriya at agrikultura. Kasabay nito, igiit ang pagkakaloob ng sapat at napapanahong ayuda sa mga magsasaka at pagpapaunlad ng agrikultura. Patuloy ring ipanawagan ang tunay na reporma sa lupa.

Ipaglaban ang nakabubuhay na sahod at P750 na *national minimum wage* kaalinsabay ng pagbuwag sa *regional wage system* upang maitaas ang sahod ng lahat ng manggagawa. Wakasan ang kontraktwalisasyon, *flexible work scheme* at hindi makataong kundisyon sa loob ng pagawaan. Dapat ipatigil ang *red-tagging* at lahat ng anyo ng karahasan at panunupil laban sa kilusang paggawa. Dapat ipaglaban at igiit ang lehitimong karapatan sa pag-uunyon at *collective bargaining*.

Kaugnay ng pagharap sa pandemya, dapat isulong ng mamamayan ang pagbuwag sa militarisadong Inter-agency Task Force on Emerging Infectious Diseases at palitan ito ng mga siyentista at ekspertong medikal para tunay na masugpo ang paglaganap ng COVID-19. Kasabay nito, patuloy na igiit ang sapat na ayuda at subsidyo para sa lahat ng nangangailangan at hindi pa nakababangon dulot ng dalawang taong pagpapatupad ng militaristang *lockdown* sa bansa.

Dapat na patuloy na itambol ang pag-alis sa napakalaking pondong inilalaan ng gubyerno sa gera kontra-mamamayan sa tabing ng "kontra-insurhensya" at buwagin ang pasista-teroristang NTF-ELCAC. Dapat wakasan ang walang habas na pagsuyod at pag-atake ng mga militar sa kanayunan. Dapat ding itigil ang *red-tagging* sa lahat ng kritiko ng gubyerno at ipinaglalaban ang kalayaang sibil at pampulitika na niyuyurakan ng estado.

Patuloy na usigin at papanagutin si Rodrigo Duterte at mga kasapakat niyang opisyal ng pulis at militar sa kanilang malalaking krimen ng katiwalian at paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan. Dapat na itaguyod at suportahan ng mamamayan ang paglilitis ng International Criminal Court kay Duterte at mga alipures niya sa pagpapatupad ng madugo ngunit pekeng gera kontra-droga at gera kontra-mamamayan.

Dapat bantayan at labanan ang lahat ng anyo ng pagyukod ni Marcos II sa interes ng imperyalismo tulad ng pagpapalawig sa Visiting Forces Agreement sa US at pagsasawalang-kibo sa pagsakop ng China sa teritoryo ng bansa. Dapat magbigkis ang mamamayan para ipaglaban ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa laban sa anumang anyo ng dayuhang panghihimasok na maglalagay sa panganib sa rekurso ng bansa at buhay ng mamamayan.

Sa tabing ng hungkag na panawagan ng "pagkakaisa" ni BBM, sinisikap niya at ng alyansang MAD na konsolidahin ang pinakamalaking hanay ng mga burukrata at naghaharing uri para suportahan ang kanyang rehimen. Ngunit hindi ito magiging madali para sa kanila laluna't pare-pareho silang may sariling interes na nais ipauna at itaguyod. Sa loob pa lamang ng alyansang MAD ay magaganap ang mga kiskisan at agawan sa kapangyarihan at yaman. Sa kabila ng maagang pagpapahayag ng kampo ni Sara Duterte na hawakan ang Department of National Defense ay inilagay siya ni Marcos sa Department of Education. Samantala, bagama't inendorso ni GMA ang kaalyadong si Martin Romualdez na pinsan ni BBM bilang bagong House Speaker, ikinagulat ng marami ang hindi pagpili kay GMA sa pusisyon. Hindi maglalaon, ang kanilang sari-sariling interes din mismo ang magtutulak sa kanilang



pagkakawatak-watak na dapat samantalahin ng taumbayan tulad ng naganap sa ilalim ng panunungkulan ng yumaong diktador na Marcos.

Kaugnay nito, dapat patuloy na palawakin at buuin ang malawak na nagkakaisang prente laban sa tambalang Marcos II-Duterte at kabigin sa taktikal na pagkakaisa at alyansa ang burges na oposisyon na hindi pabor sa pamamalakad ng rehimeng Marcos II. Likhain sa bag-as nito ang NDFP na nakasalalay sa saligang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka at iba pang demokratiko at progresibong seksyon ng lipunan. Dapat pag-ibayuhin ng mga rebolusyonaryo ang pakikipagkaisa sa lahat ng demokratikong pwersa sa bansa at sa ibayong dagat para labanan ang panibagong bersyon ng korap at tiranikong paghahari ng Marcos II-Duterte at isulong ang pambansa-demokratikong kahilingan ng bayan.

Walang aasahang pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa ilalim ng rehimeng Marcos II mula sa mga buladas nito sa panahon ng kampanya. Sa simula ay nanindigan itong hindi makikipag-usap sa mga Komunista at napilitang tumindig na bukas sa pakikipag-usap pero sa balangkas ng mga lokalisadong usapan na hindi kailanman papasukin ng NDFP.

Higit sa lahat, dapat na ibayong paigtingin ng rebolusyonaryong mamamayan ang digmang bayan at isulong ito sa mas mataas na antas. Dapat palagablabin ang armadong paglaban ng buong sambayanan sa pamumuno ng Partido at BHB. Tanging sa pagbabagsak lamang ng mapang-aping estado maitatayo ang bago sa pamumuno ng proletaryado na tunay na gagarantiyang tatamasahin ng sambayanang Pilipino ang pambansang kalayaan at kasaganaan at maiehersisyo nang lubos ang kanilang mga demokratikong karapatan. K



# Pagkilos ng mamamayan ng TK kontra pandaraya sa eleksyong 2022, inilunsad

Nitong Mayo 6, naglunsad ng programa ang mga progresibong organisasyon at grupo mula sa TK sa Comelec upang ipanawagan ang pagiging mapagmatyag laban sa pandaraya sa eleksyong 2022.

Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Southern Tagalog (BAYAN-ST), nanawagan ang mga progresibong organisasyong kumakatawan sa iba't ibang sektor mula sa rehiyon ng TK sa Comelec at sa buong sambayanan na tumindig laban sa mga kumakalat na disimpormasyon, *red-tagging* sa mga aktibista at nasa oposisyon, sa kwestyunableng *automated election system* (AES), at sa anumang tipo ng pandaraya.

Ipinahayag ng BAYAN-ST ang pag-aalala sa umiiral at kwestyunableng AES para sa eleksyong 2022. Anang BAYAN-ST, ang AES ay mas bulnerable sa dayaan dahil madaling manipulahin ang resulta ng eleksyon na ilalabas nito kaysa sa dating manu-manong bilangan ng boto kung saan mas madaling makita ang ebidensya ng pandaraya. Gagamitin ni Duterte ang bentaheng ito ng makabagong teknolohiya upang pagtakpan ang mga anomalya na maaaring magpanalo sa tambalang Marcos-Duterte sa darating na eleksyon.

Itinampok din sa nasabing pagkilos ang protesta ng mamamayan ng TK laban sa pagbabalik ng dinastiyang pulitikal ng anti-demokratiko at pasistang tambalang Marcos-Duterte. Ayon rin sa BAYAN-ST, para sa mga Marcos, ang pagbabalik nila sa Malacañang ay isang oportunidad para baluktutin ang katotohanan, makuhang muli ang ninakaw nilang yaman, patahimikin ang oposisyon, at palalain ang nakakapanlumo nang kondisyon ng mamamayang Pilipino. Dagdag pa ng BAYAN-ST, gaya ni Rodrigo Duterte, susubukan rin ni Bongbong Marcos na supilin ang lahat ng anti-pasista, anti-tiraniya, at makamasang kilusan sa pamamagitan ng karahasan ng armadong pulis at militar nito.

Sa kabilang banda, naglunsad rin ang Kontra Daya-Southern Tagalog, isang malawak na alyansa para labanan ang pandaraya sa eleksyong 2022, ng sistema ng pagbabantay sa eleksyon kung saan maaaring magpaabot ng ulat ang sinuman ukol sa anumang porma ng dayaan. K



#NeverAgain

# Paglakas ng kilusang paggawa sa harap ng diktadurang Marcos

*"TAMA NA! SOBRA NA! WELGA NA!"*

Ang panawagang ito sa welga ng 500 manggagawa ng La Tondeña, isang pagawaan ng alak, ay umalingawngaw noong Oktubre 24, 1975. Kahit sa gitna ng Martial Law, buong lakas na isinigaw ng mga inaaping manggagawa ang kanilang kahilingan na regularisasyon, *maternity leave* at pagtigil sa iligal na pagsisisante. Kasama sa welga ang mga estudyante at kinatawan ng Simbahang Katoliko na naniniwala sa kawastuhan ng laban ng mga manggagawa ng La Tondeña at nasusuklam sa pahirap-sa-masang diktadurang US-Marcos.

Gaya ng inaasahan sa tiranikong rehimen, agad na sinupil ng mga pwersa nito ang pagkilos sa La Tondeña. Tumagal ang welga ng 44 oras bago ito marahas na dinispers. Wala pang dalawang araw ang welga, subalit sapat itong panahon para pukawin ang diwa ng bayang sinaklot ng takot sa pagpataw ng Martial Law noong 1972.

**Kahirapang walang kaparis**

Ang pagputok ng welga sa La Tondeña ay tanda na hindi na kayang tiisin pa ng mga manggagawa ang malubhang kahirapang idinulot ng paghahari ni Marcos mula noong 1965. Sumisirit ang presyo ng mga batayang bilihin habang nananatiling barat ang sahod. Nagdurusa ang bayan sa bagsak na ekonomya habang nagpapasasa ang pamilyang Marcos at kanilang mga kroni sa mapipigang yaman mula sa kaban ng gubyerno at pagpapagal ng masang anakpawis.

Malala ang kahirapan na ipinipinta kahit ng mismong datos ng reaksyunaryong gubyerno. Ayon sa datos nito noong Mayo 1974, kailangan ng P18.16 para makakain ng masustansyang pagkain sa loob ng isang araw. Sa panahong ito, nasa P8 (mula 1970) lamang ang *minimum wage* ng mga manggagawa sa industriya, wala pa sa kalahati ng gastos sa pagkain. Bahagyang itataas ang *minimum wage* sa P10 (pagdating ng 1976) ngunit malaki pa rin itong kapos. Mas malala ang kalagayan ng mga manggagawa sa agrikultura na sumasahod ng P4.75 lamang.

Hindi makasabay ang napakababang sahod sa paglaki ng kinakailangang halaga para mabuhay (*cost of living*). Tumaas nang 99% o nadoble ang presyo ng lahat ng mga bilihin sa unang limang taon ng Martial Law, pero kung susukatin mula 1965 na simula ng termino ni Marcos ay tumaas ang presyo ng mga bilihin nang 239.4%.

Naipako ang sahod sa ganitong kababang halaga dahil lumaki nang husto ang reserbang hukbo ng paggawa o walang trabaho sa ilalim ni Marcos. Nasa 40% ang tantos ng disempleyo noong 1977. Resulta na ito ng malawakang pang-aagaw ng sabwatang lokal na PML-MBK at mga dayuhang kumpanya sa lupa ng mga magsasaka at kakulangan ng trabaho sa industriya.

Sa tindi ng kahirapan, pinasidhi ng estado ang panunupil sa mga karapatan ng manggagawa gamit ang mga patakarang tulad ng General Order No. 5 na nagkait sa karapatang magwelga. Binalangkas naman ang Labor Code para linlangin ang mga manggagawa sa pagtataguyod nito sa linyang *one union, one industry* na nangangahulugan ng pagpapailalim ng mga unyon sa mga kapitalista at sa rehimeng Marcos.

Sinunggaban ng mga dayuhang kapitalista lalo ng mga galing sa US ang murang lakas-paggawa at panunupil sa mga unyon upang humuthot ng mas malaking tubo mula sa manggagawang Pilipino. Ang tumitinding pagsasamantala ang nagtulak sa mga manggagawa



*Marahas na dispersal sa welga ng mga manggagawa sa Globe Steel Incorporated sa Cainta, Rizal. Nagsimula noong 1984, tumagal ang strike ng apat na taon.*

na mag-organisa ng kanilang hanay at lumaban.

**Pagkamulat ng mga manggagawa sa TK**

Buhat ng paglahok ng mga estudyante at aktibista sa TK sa Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970, lumawak ang rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran ng rehiyon. Sinabayan ng mga protesta sa rehiyon ang mga pagkilos sa Kamaynilaan at pinalawak ang pag-oorganisa sa mga manggagawa at magsasaka. Nakilusan ang ilang pabrika sa Lucban at Lucena sa Quezon; at San Pablo at Sta. Cruz sa Laguna pagsapit ng 1971. Mayor na isyu ng panahong ito ang pagtaas ng presyo ng langis na nilahukan ng daan-daang mamamayan ng TK.

Naitatag ang pambansa-demokratikong kilusang lihim at mga yunit ng Partido sa mga pagawaan. Unti-unting binuo ang mga bag-as ng organisasyon sa loob ng mga unyon upang mahusay na mapamunuan ang laban ng mga manggagawa. Unang kinilusan ang mga desikadura at repineriya ng langis sa niyog sa Quezon at Laguna, at mga plantasyon ng tubo at asukarera sa Batangas at Canlubang, Laguna. Hindi nagtagal, nabuo ang mga militanteng unyong tunay na nagtataguyod sa interes ng mga manggagawa.

Naiputok ang unang welga ng mga manggagawa sa rehiyon sa ilalim ng pamumuno ng Partido noong 1978 sa Cayco-Fernandez Farm sa Laguna. Matatag na hinarap ng mga manggagawa ang pasismo ng mga bayarang sundalo at *goons* ng Cayco-Fernandez. Umani ng pagbatikos ang pamamaril ng mga ito sa welga ng mga manggagawa. Sinuportahan ng mga kabataang estudyante at taong simbahan ang welga. Nakapaglunsad din ng welga ang unyon ng mga manggagawa sa Batangas Sugar Central.

Noong Enero 1979 matagumpay na nakuha ang pamunuan ng unyon sa isang pagawaan ng desikadura. Nakapagpalawak din sa mga pagawaan sa *industrial belt* ng Laguna, Cavite at Batangas.




*Rali sa San Pablo, Laguna noong dekada '70 na nilahukan ng mga manggagawa.*

Sa paglawak pa ng kilusang manggagawa, tatlong unyon sa mga pagawaan ang nagwelga noong 1980. Pilit itong sinupil ng diktadurang Marcos sa pamamagitan ng pag-atake sa mga manggagawa. Sinimulan ang pagpaslang sa mga manggagawa kahit sa gitna ng kanilang welga katulad ng pagpatay ng mga militar at sekyuriti ng mga pagawaan sa tatlong manggagawa ng Philippine Polymide Industrial Corporation o PPIC (Hi-Lon Manufacturing Company na ngayon) noong Agosto 1981; kay Lope Natividad ng Blue Bar noong Oktubre 1984; at kay Anacleto Dalida ng Sanitary noong Hulyo 1985. Sa kabila nito, nagpatuloy ang pagsigla ng mga pakikibaka ng mga manggagawa at isinanib ito sa antipasista at anti-imperyalistang pakikibaka.

Tinapatan ang pasismo ng estado ng masikhay na pagkilos ng mga manggagawa. Noong Marso 1984, itinayo ang STAW*, isang malapad na alyansa ng mga manggagawa sa rehiyon. Pinamunuan ng alyansa ang mga pagkilos ng Mayo Uno at kampanyang masa sa mga pagawaan upang tutulan ang pambubuwag sa piketlayn at pagsupil sa karapatang magwelga. Tinutulan nila ang pagsasabatas ng LOI 1458 noong 1985 na nagbibigay-pahintulot sa direktang pakikialam ng militar sa mga piketlayn at nagdulot ng dumaraming kaso ng paglabag sa karapatang tao kagaya ng pamamaslang at mararahas na dispersal.

Hindi naging hadlang sa mga manggagawa ang mga naunang bigong welga bagkus ay hinalawan ito ng aral. Buhat sa 14 na nabigong welga noong 1984, nagpursige ang mga manggagawa at ipinagpatuloy ang kanilang laban sa harap ng pinatinding atake ng estado. Inilunsad ang *coordinated strikes* upang ikalat ang pagputok ng mga welga at ang pwersa ng mapanupil na estado. Sa yugtong ito, nakapagpanalo ng 21 welga ang kilusang paggawa sa rehiyon.

Naging malakas na pwersa ang kilusang paggawa upang maibagsak ang diktadurang Marcos at pasiglahin ang armadong pakikibaka sa rehiyon. Signipikanteng bilang ng mga manggagawa ang sumapi sa Hukbong Bayan at lumahok sa armadong pakikibaka. Hanggang ngayon, ipinagpapatuloy ng mga manggagawa sa rehiyon ang mayamang tradisyon ng pakikibaka sa gitna ng matinding teror ng rehimen. Tiyak na lalupa itong aalab sa panunumbalik ng panibagong rehimeng Marcos sa kapangyarihan. K

*Ikawalo sa serye ng mga artikulo hinggil sa Martial Law sa ilalim ng diktadurang US-Marcos*

**Southern Tagalog Alliance of Workers (STAW) — produkto ng pagsasama-sama ng mga manggagawa na may mga lehitimong laban sa sahod, regularisasyon, pag-uunyon at collective bargaining agreement.*

# Pagpapanagot sa kumpanyang mina na Marcopper, tagumpay

Matapos ang higit dalawang dekada, nagtagumpay ang pagsisikap ng mamamayan ng Marinduque sa kanilang laban upang pagbayarin ang dayuhang kumpanyang Marcopper sa iresponsable at mapaminsalang pagmimina nito sa isla.

Nitong Mayo 16, pinaburan ng korte ang 30 mamamayan ng Marinduque na nagsampa ng kaso noong taong 2001 laban sa Marcopper. Sa inilabas na desisyon ni Judge Emmanuel Recalde ng Marinduque RTC Branch 38, inutusan nito ang dayuhang kumpanya na magbayad P1 milyong kolektibong bayad para sa *exemplary damages*. Dapat ding tumanggap ng P200,000 ang bawat isa sa 30 nagdemanda para sa *temperate damages* o mga pinsala sa kanilang mga pag-aari, pananim at mga hayop; at P100,000 naman para sa *moral damages* o mga pinsala sa kalusugang pisikal at mental dulot ng kawalan ng kabuhayan at patuloy na banta ng nasirang Maguila-guila Dam, na pagmamay-ari ng Marcopper. Ang pagkasira ng nasabing dam noong 1993 ay nagdulot ng pagtambak ng malaking deposito ng banlik (*silt*) na mga nakalalasong mineral na nagwasak sa kapaligiran, partikular sa Mogpog River, na patuloy na nakapinsala sa mga yamang-tubig at linya ng tubig.

Nabanggit din sa inilabas na desisyon ng korte na napatunayang nagpabaya ang dayuhang kumpanyang Marcopper sa tungkulin nitong "responsableng pagmimina" at pagmamantine ng Maguila-guila Dam. Dagdag pa, ang pananatili ng nasisira nang istruktura ng dam hanggang ngayon ay patuloy na magiging banta sa buhay at kabuhayan ng mga naninirahan sa mga barangay sa kahabaan ng Mogpog River.

Nagagalak ang Marinduque Council for Environmental Concerns sa desisyon ng korte. Sabi ng grupo, "isa itong malaking tagumpay matapos ang dalawang dekadang paghihintay para sa hustisya ng mga nagdemanda at iba pang nagsampa ng kaso, na sa kasamaang-palad ay pumanaw na sa kurso ng pagtakbo ng kaso."

Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST "ang tagumpay na ito ay dapat magbigay-inspirasyon sa mga taga-Marinduque para ituloy ang pagpapanagot sa Marcopper at pagtulung-tulungan ang rehabilitasyon ng nawasak na kapaligiran." Sa huli, iginiit ni de Guia na hindi dapat manahimik ang mamamayan sa gitna ng banta ng mina at dapat pursigido nilang labanan ang pandarambong ng mga ganid na kapitalista sa likas yaman ng bansa at tutulan ang kanilang mga operasyong pagmimina. K

# Paglaban sa mga gawa-gawang kaso kay Nanay Nimfa at mga biktima ng iligal na pang-aaresto

Noong Mayo 15, nagsampa ng *demurrer to evidence* si Nimfa Lanzanas o mas kilala bilang Nanay Nimfa, 61 taong gulang at biktima ng iligal na pag-aresto at gawa-gawang kaso, laban sa PNP-CALABARZON na siyang umaresto sa kanya.

Sa isinumiteng *demurrer* sa Calamba City RTC Branch 37, sinisipi nito ang kabiguan ng kampo ng tagausig na PNP CALABARZON na patunayan ang kaso ng *illegal possession of firearms, ammunitions, and explosives*. Kasabay nito ang kakulangan ng sapat na dahilan para sa pag-iisyu ng *search warrant*, at sa gayon, ang kabiguan na bigyang-katwiran ang pwersahang pagpasok sa bahay ni Nanay Nimfa at ang pag-aresto sa kanya.

Taliwas sa nagkakabuhol-buhol na pahayag at tahasang pag-aakusa ng mga pulis na umaresto sa kanya na siya'y isang *gunrunner*, si Nanay Nimfa ay isang masigasig na *human rights worker* na ibinuhos ang kalakhan ng kanyang buhay upang paglingkuran ang mamamayan. Ayon na rin sa pahayag ng Defend-ST, nararapat lamang na tamasahin ng isang *senior citizen* na katulad ni Nanay Nimfa ang kalayaan na walang-pakundangang ninakaw sa kanya ng PNP CALABARZON sa pangunguna ng dating *director general* nito na si Felipe Natividad.

Si Nanay Nimfa ay isa lamang sa mga biktima ng tinaguriang Bloody Sunday na naganap noong March 7, 2021, kung saan pinatay ang siyam na aktibista habang inaresto ang pitong iba pa sa Batangas, Cavite, Laguna at Rizal. Gamit ang minanupakturang mga *search warrant* mula sa mga korte sa Maynila na ginawa ng mga operatiba ng PRO 4A, CIDG RFU 4A at NCRFU, PNP-SAF, at 202nd Brigade, inilunsad ng PNP-CALABARZON ang sinkronisadong operasyon laban sa lehitimong nakikibakang mamamayan.

Pagkalipas ng mahigit isang taon simula nang ikulong si Nanay Nimfa sa Bureau of Jail Management and Penology facility sa Calamba City, nararapat lamang na pakinggan siya ng korte at ibigay ang kalayaan na ninakaw sa kanya at sa iba pang biktima ng Bloody Sunday at mga gawa-gawang kaso. K




# REBOLUSYON, HINDI ELEKSYON!
# LUMAHOK SA DIGMANG BAYAN!

